

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagkilala sa Simili at Metapora

Kakayahan: Natutukoy ang anyo ng tayutay (simili o metapora) na isinasaad sa pangungusap.

Isulat sa patlang ang titik **S** kung **simili** o titik **M** kung **metapora** ang isinasaad sa pangungusap.

- ___ 1. Ang kasipagan ay ina ng kayamanan at kaginhawahan.
- ___ 2. Ang kabutihan mo ang sagot sa aking panalangin.
- ___ 3. Kasing-itim ng uwak ang balak ng kriminal.
- ___ 4. Ang mga pangako mo ay tila mga sulat sa buhangin.
- ___ 5. Ang magkapatid ay parang aso't pusa kung mag-away.
- ___ 6. Ang mga anak ni Grace ang mga anghel sa kanyang buhay.
- ___ 7. Si Rosa ay tulad ng nangangatal na dahon sa takot.
- ___ 8. Marumi at gula-gulanit na basahan ang damit na suot ng batang lansangan.
- ___ 9. Animo'y mahugong na lamok ang kapatid kong napakakulit.
- ___ 10. Ang palaruan ng paaralan ay kawangis ng sirko.
- ___ 11. Dahil laging nagpapatawa si Jessie, siya ang payaso ng aming klase.
- ___ 12. Ang pag-aalboroto ng pilyong bata ay tulad ng malakas na ipu-ipo.
- ___ 13. Ang silid na ito ay kasindumi ng ulbo ng mga baboy.
- ___ 14. Ang asawa ko ang araw ng aking langit.
- ___ 15. Tangkay ng walis sa kapayatan ang mga bagong modelo.

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagkilala sa Simili at Metapora (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy ang anyo ng tayutay (simili o metapora) na isinasaad sa pangungusap.

Isulat sa patlang ang titik **S** kung **simili** o titik **M** kung **metapora** ang isinasaad sa pangungusap.

- M** 1. Ang kasipagan ay ina ng kayamanan at kaginhawahan.
- M** 2. Ang kabutihan mo ang sagot sa aking panalangin.
- S** 3. Kasing-itim ng uwak ang balak ng kriminal.
- S** 4. Ang mga pangako mo ay tila mga sulat sa buhangin.
- S** 5. Ang magkapatid ay parang aso't pusa kung mag-away.
- M** 6. Ang mga anak ni Grace ang mga anghel sa kanyang buhay.
- S** 7. Si Rosa ay tulad ng nangangatal na dahon sa takot.
- M** 8. Marumi at gula-gulanit na basahan ang damit na suot ng batang lansangan.
- S** 9. Animo'y mahugong na lamok ang kapatid kong napakakulit.
- S** 10. Ang palaruan ng paaralan ay kawangis ng sirko.
- M** 11. Dahil laging nagpapatawa si Jessie, siya ang payaso ng aming klase.
- S** 12. Ang pag-aalboroto ng pilyong bata ay tulad ng malakas na ipu-ipo.
- S** 13. Ang silid na ito ay kasindumi ng ulbo ng mga baboy.
- M** 14. Ang asawa ko ang araw ng aking langit.
- M** 15. Tangkay ng walis sa kapayatan ang mga bagong modelo.